

kalusugan ng bibig Para sa Manganganak na Ina

1. Kailan ang naaangkop na panahon para sa check-up sa ngipin?

a. Bago ang nakaplanong pagbubuntis

Maaaring magsagawa ang manganganak na ina ng pre-pregnancy na check-up sa ngipin at ipagamot ang lahat ng problema sa ngipin bago siya magplanong magbuntis. Maiiwasan nito ang komprehensibong paggamot sa ngipin sa panahon ng pagbubuntis at mabibigyan siya ng dentista ng mensahe sa pangangalaga sa kalusugan ng bibig sa panahon ng pagbubuntis.

b. Ika-4 hanggang ika-6 na buwan ng pagbubuntis

Sa panahon ng pagbubuntis, kailangan pa ring magpa-check up sa ngipin ang manganganak na ina. Ang pinakamahusay na pagkakataon ay sa ika-4 hanggang ika-6 na buwan ng pagbubuntis dahil pinakamatatag sa yugtong ito ang fetus. Dapat niyang ipagbigay-alam sa dentista na siya ay buntis sa panahon ng pag-check-up sa ngipin, upang makagawa ng kinakailangang pag-iingat ang dentista sa panahon ng paggamot sa ngipin.

2. Makakaapekto ba ang pagsusuri ng X-ray sa fetus?

May sapat na pag-iingat ang mga dental clinic sa pagkuha ng mga radiograpiya tulad ng paglalagay ng lead apron sa pasyente at paggamit ng fast speed film, atbp., nang sa gayon ay mapangalagaan ang fetus. Kung mabahala man ang manganganak na ina, maaari niyang kausapin ang kanyang dentista at subukang hilinging ipagpaliban ang paggamot hanggang sa siya ay manganak.

3. Makakatanggap ba ang manganganak na ina ng kumplikadong paggamot sa ngipin?

Kung ang manganganak na ina ay may ngiping talagang nangangailangan ng kumplikadong paggamot sa ngipin tulad ng paggamot sa root canal, pagbunot sa naapektuhang wisdom tooth, atbp., dapat magplano ng isasagawang paggamot pagkatapos ng kanyang panganganak. Maiiwasan nito ang kakulangan sa ginhawa sa panahon ng mahabang yugto ng paggamot.

4. Ano ang mga pagbabago sa kondisyon ng kalusugan ng bibig ng manganganak na ina at paano aalagaan ang kanyang kalusugan ng bibig?

a. Mga pagbabago sa hormone

Kung hindi nilinis nang mabuti ng isang babaeng buntis ang kanyang oral cavity, maaaring palalain ng pagbabago sa hormone sa panahon ng pagbubuntis ang tugon ng mga tisyu ng gilagid sa plaque bacterial toxins na hahantong sa namumula, namamaga at nagdurugong gilagid. Ito ay tinatawag na "Gingivitis sa Pagbubuntis". Samakatuwid, upang maiwasan at makontrol ang "Gingivitis sa Pagbubuntis", dapat bigyang-pansin ng manganganak na ina ang kalinisan sa bibig kapag nagsisipilyo ng ngipin at gumamit ng floss at interdental brush upang maalisan nang mabuti ang plaque.

b. Naghahanap ng matamis at maasim na pagkain

Maaaring madalas na naghahanap ng matamis at maasim na pagkain ang babaeng buntis dahil sa pagbabago sa diyeta. Maaari ring mas dumalas ang pagkain at pag-

inom. Samakatuwid, ang posibilidad na makakuha ng tooth decay ay maaaring tumaas. Sa panahon ng pagbubuntis, maaaring maghanap ng maasim na pagkain o magsuka agad ang manganganak na ina. Ang maasim na pagkaing ito at pagsusuka ay magpapahina sa panlabas na layer ng ngipin (enamel) at maglalantad sa panloob na layer (dentine), na magreresulta sa pagiging sensitibo ng ngipin.

Upang maprotektahan ang ngipin, dapat gumamit ang manganganak na ina ng fluoride toothpaste para sa pagsipilyo. Ito ay dahil kaya ng fluoride na:

1. tulungang alisin ang maagang tooth decay
2. palakasin ang enamel, ginagawa itong mas hindi tinatablan sa atake ng asido
3. pigilan ang mga aktibidad ng bakterya sa dental plaque, binabawasan ang produksyon ng asido.

Kung nagsuka ang manganganak na ina o kailangang kumain nang mas madalas, maaari siyang gumamit ng fluoride mouthwash upang makakuha ng karagdagang proteksyon laban sa tooth decay. Gayunpaman, dapat siyang humingi ng payo mula sa dentista bago gamitin ito.

5. Makakaapekto ba ang tetracycline sa fetus?

Mula sa ika-5 hanggang ika-6 na linggo ng pagbubuntis, nagsisimulang mabuo ang mga ngipin sa fetus. Kapag uminom ng tetracycline ang manganganak na ina sa panahon ng pagbubuntis, maaaring maapektuhan ang ngipin ng fetus at mawalan ng kulay. Samakatuwid kailangan niyang sabihin sa doktor na siya ay buntis, upang asikasuhin ng doktor ang pagreseta ng naaangkop na gamot kung kinakailangan.